CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 26, 2020

Pakikipag-ugnay: City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inihayag ng Lungsod ang Pagbubukas Muli ng Karagdagang Negosyo sa Personal na Pangangalaga

Long Beach, CA - Inanunsyo ng Lungsod na, batay sa kasalukuyang Utos ng Kalusugan na “Masligtas sa Tahanan”, mas maraming establisimyento ng personal na pangangalaga ay papayagan na magbukas muli ngayon, Biyernes, Hunyo 26, na may pangangailangan ng pagpapatupad ng pisikal na pagdidistansya at pagdidisimpekta upang maprotektahan sa pagkalat ng COVID-19. Ang mga tattoo parlor, serbisyo sa kosmetology, at mga propesyonal sa sining sa katawan ang ilang sa mga maaaring nang magbukas muli.

Ang mga establisimyento ng personal na pangangalaga ay maaaring magbukas muli ng may restriksyon at ipinapatupad na angkop na protokol sa kaligtasan, katulad ng minimum na anim na talampakan ng distansya sa pagitan ng mga istasyon ng serbisyo, madalas na pagdidisimpekta ng mga madalas na hawakan na ibabaw at paglimita ng kapasidad ng mga patron. Ang mga panakip ng mukha para sa parehong empleyado at mga patron ay kinakailangan, at ang mga shield ng mukha ay dapat suotin ng mga manggagawa habang nagbibigay ng serbisyo na nangangailangan ng pagtanggal ng panakip ng mukha ng kliyenta upang makapagbigay ng personal na serbisyo. Ang mga naaangkop na protokol sa kaligtasan ay higit na nakabalangkas sa pinakabagong Utos sa Kalusugan ng Lungsod.

Ang Lungsod ay magbibigay ng libreng shield sa mukha sa mga negosyo ng personal na pangangalaga na nakabase sa Long Beach, kabilang sa mga bar at restawran, mula 2 p.m. hanggang 4 p.m. ngayon, Hunyo 26, at Miyerkules, Hulyo 1, sa paradahan ng punong himpilan ng Kagawaran ng Apoy ng Long Beach (3205 Lakewood Blvd.). Ang

mga shield sa mukha ay ibibigay sa pinaka-unang makarating hanggang sa maubos ang mga suplay, na limitado sa 20 bawat establisimyento. Ang Lungsod ay nagsimula na magbigay ng mga libreng shield sa mukha sa mga negosyo na nakabase sa Long Beach simula Mayo, at nakapagbigay ng halos 6,500 na mga shield hanggang ngayon.

Ang mga sinehan at sentro ng libangang pangpamilya, katulad ng ng mga bowling alley, miniature golf, at mga arkade ay mananatiling sarado sa Long Beach.

Ang aksyon na ito ay ipinatupad ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod, Dra. Anissa Davis, at alinsunod sa Emerhensiyang Kapangyarihan na ibinigay sa Manager ng Lungsod sa pamamagitan ng Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya. Naging epektibo kaagad noong Hunyo 12, 2020, at magpapatuloy hanggang mapalawak, tanggalin, o baguhin sa pamamagitan ng sulat ng Opisyal ng Kalusugan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###